CYJC

CALGARY YOUTH
JUSTICE COMMITTEES

# Pagbibigay ng pangalawang pagkakataon sa Kabataan.

## Kaalaman para sa Kabataan at mga Magulang.

PROGRAMANG
PANGKATARUNGAN PARA SA
KABATAAN SA CALGARY

cyjc.ca

# CALGARY YOUTH JUSTICE COMMITTEES

**Tungkol sa Lupon Pangkatarungan ng Kabataan**

Ang Pangkat 18 ng Batas Kriminal Pangkataruan para sa Kabataan ay nagkakaloob ng pagkakataon sa mga miyembro ng komunidad na maging direktang kasangkot sa pamamahala sa kabataang pangkatarungan sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga Lupon ng Katarungan para sa Kabataan (Youth Justice Committees -YJCs). Ang YJC ay ang kapalit ng sistema sa korte para sa mga kabataan na may edad mula 12-18 na humaharap sa mga maliliit na kaso. Ang mga boluntaryo sa komunidad ay nakikipagtulungan sa mga kabataan at maging sa kanilang mga pamilya, mga biktima, legal na sistema, at komunidad upang magbigay ng naayon at makabuluhang kasagutan

**Tungkol sa mga Boluntaryo sa YJC**

Mahalagang tandaan na ang mga miyembro ng YJC ay mga boluntaryo. Ang lahat ng mga boluntaryo ay nakumpleto ang pang-unang pagsasanay ng 10 oras, Pagsusuri ng Impormasyon mula sa Kapulisan (Police Information Check) Pagsusuri at Serbisyo para sa mga Bata at Pamilya Ng Alberta Alberta Child and Family Services Intervention Check), at ang Panunumpa ng Pagiging Kompidensyal (Oath of Confidentiality).



**Paano Gumagana ang Programa ng Pagbibigay ng Parusa (Extrajudicial Sanctions)**

Sa Calgary, ang YJC ay pinangangasiwaan ang Programa sa Pgbibigay ng Parusa (Extrajudicial Sanctions). ). Ang kabataan ay inirerekomenda ng Kapulisan o ng Mataas na Opisina ng Koronel na Taga-usig. Para mapili ang isang kabataan, kailangan na ito ay ang una o pangalawa niyang paglabag, katanggap -tanggap na paglabag, tanggapin ang responsibilidad sa kanilang mga aksyon, at pumapayag na makilahok

Tatlong mga boluntaryo (Miyembro ng YJC) ang makikipagkita sa kabataan at kaniyang mga magulang/tagapag-alaga. Sa pulong na ito, na karaniwang tumatagal ng isang oras, tatalakayin nila ang mga pangyayari ng paglabag, ang kasaysayan sa paaralan, ang kalagayan ng kanilang pamilya, espesyal na interes, ang mga pagdidisiplina na naibinigay na sa bahay, mga alalahanin ng mga magulang, at iba pa. Sa tulong ng kabataan at mga magulang, ang mga miyembro ng YJC ay magpapasya kung anong mga parusa ang dapat tuparin ng kabataan upang magtagumpay. Maaaring magtakda ng hanggang tatlong parusa batay sa usapan nila ng kabataan, pamilya, at sa pagbabasa ng ulat ng polisya. Maaring isama sa mga halimbawa ang: sulat ngpaghingi ng paumanhin, mga oras ng serbisyo sa komunidad, at mga rekomendasyon sa mga.

**Bakit Ito Mahalaga?**

Ang paglahok sa YJC ay may benepisyo sa lahat..Ang mga boluntaryo ng YJC ay mga mapagmahal na kapitbahay na nagnanais na magtagumpay ang mga kabataan at matutong gumawa ng mas mabuting desisyon sa hinaharap. Ang kabataan at ang kanilang mga magulang/tagapag-alaga ay maaaring ipaliwanag ang situwasyon sa kanilang mga sariling salita, at ang mga Boluntaryo ng YJC ay maaaring tumulong na matukoy ang kanilang mga alalahanin. Ang kabataan ay mayroong pagkakataon na humingi ng tawad sa mga biktima at sa kanilang komunidad, at magkaroon ng akses sa mga mapagkukunan at mga programa. Kung magtatagumpay ang kabataan at lalayo sa mga kaguluhan, ang kanilang mga pagkakamali ay hindi magiging hadlang sa kanila sa paghahanap ng trabaho o sa kanilang pagpapatuloy sa kolehiyo..

**Ano ang dapat asahan?**

- Ang mga Boluntaryo ng YJC ay tatanggap ng file at makikipag-ugnayan sa kabataan at mga magulang/tagapag-alaga
- Ang Boluntaryo ng YJC ay maikipag-ugnayan sa biktima, kung angkop, upang marinig ang kanilang panig at kung paano sila naapektuhan;
- Ang mga Boluntaryo ng YJC, kabataan at mga magulang/tagapag-alaga ay mag-uusap ng online o ng personal para sa pagbubukas ng usapan, ang mga parusa ay pinagpasyahan at ipinaliwanag sa kabataan, at ang Kasunduan ay pipirmahan;
- Ang kabataan ay bibigyan ng takdang oras upang matapos ang parusa (ang buong proseso ay dapat umabot ng hindi hihigit sa 3 buwan);
- Ang mga Boluntaryo ng YJC makikipag-ugnayan sa kabataan nang regular upang masuri ang pag-usad nito;
- Ang mga Boluntaryo ng YJC, ang kabataan at mga magulang/tagapag-alaga ay magsasama para sa huling pagpupulong, ang mga parusa ay susuriin, at kumpirmahin kung ito ay matagumpay o hindi;
- Ang kabataan ay dadalo sa itinakdang petsa ng korte kung saan susuriin ng Koronel/Hukom ang file. Kung magtagumpay ang kabataan, ang kaso ay aalisin sa korte at ang tala ng krimen ay mabubura matapos ang dalawang taon at walang opisyal na tala ng krimen ng kabataan;
- Kung hindi magtatagumpay ang kabataan, susuriin ng Koronel/Hukom ang file, mga parusa, at mga tala ng mga Miyembro ng YJC upang matukoy kung dapat bang pormal na kasuhan ang kabataan, ibigay ang kaukulang pagsunod, o ibalik sa programa ng Extrajudicial Sanctions.

**Listahan para sa Kabataan: Narito ang mga sumusunod**

01. Kumpirmahin ang petsa, oras, at lugar ng pagpupulong sa YJC
02. Dumalo sa pagpupulong kasama ang mga magulang/tagapag-alaga at tumanggap ng kopya ng Kasunduan
03. Tingnan ang email mula sa Boluntaryo ng YJC para sa impormasyon na kailangan upang matapos ang mga parusa
04. Tapusin ang mga parusa bago ang takdang oras
05 Makipag-ugnayan sa Boluntaryo ng YJC upang ipaalam kung kailan natapos ang mga parusa.
06. Kumpirmahan ang petsa, oras, at lugar ng pagpupulong sa pagtatapos
07. Dalhin ang kopya ng lahat ng mga natapos na parusa sa pagpupulong sa pagtatapos
08. Lagdaan ang kasunduan (maaaring magtagumpay o hindi)
09. Kumpirmahin ang petsa ng Korte
10. Dumalo sa petsa ng Korte
11. Ang EJS File ay isasara na